Mga puwede mong itanong kay Orsa

Sinasagot ni Orsa ang mga tanong tungkol sa trabaho mo at sa HQ, at kaya nitong gawin ang halos lahat ng kaya mong gawin sa HQ, kapag pinindot mo ang Kumpirmahin.

Mga hakbang

1. Pindutin ang Tanungin si Orsa sa kahit anong screen.
2. I-type o sabihin ang gusto mo, gaya ng "Sino ang day off sa Biyernes?", "Ilipat ang trabaho ni Maria sa Huwebes nang 2" o "Paano magdagdag ng technician?"
3. Basahin ang sagot. Kung may babaguhin ito, suriin ito at pindutin ang Kumpirmahin.

Mabuting malaman

Pagbukas ni Orsa, nagpapakita ito ng mga halimbawa ng puwede mong itanong, mula lang sa mga pinapayagan kang gawin.

Ang mga tanong kung paano gawin ang isang bagay sa HQ ay sinasagot ng mga hakbang mula sa mga help page na ito, kasama ang Dalhin ako roon at Magbasa pa.

Kayang mag-book, maglipat at magkansela ni Orsa ng mga trabaho, magdagdag at mag-update ng mga customer, magpalit ng mga presyo at setting, gumawa at magpadala ng mga quote at invoice, at asikasuhin ang team mo. Ang kaya mo lang mismong gawin ang kaya nitong gawin.

https://orshihq.com/help/what-orsa-can-do